Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Mga sagot sa Pagkilala sa Panaguri ng Pangungusap

Panuto: Salungguhitan ang panaguri (*complete predicate*) ng bawat pangungusap.

1. Ang relihiyon ng mga Muslim ay Islam.
2. Ang mga Muslim ay naniniwala na may iisang Diyos.
3. Ang panahon ng pag-aayuno ng mga Muslim ay tinatawag na Ramadan.
4. Hindi kumakain at umiinom mula pagsikat at paglubog ng araw si Jamal.
5. Tuwing ika-siyam na buwan sa kalendaryong Islam ginaganap ang Ramadan.
6. Ang Eid ul-Fitr ay ang kapistahang Muslim na ginaganap sa katapusan ng Ramadan.
7. Ayon sa mga Muslim, si Muhammad ang huling propeta ng Diyos.
8. Binabasa nina Kasam at Mikhail ang banal na aklat ng mga Muslim.
9. Sila ay naniniwala na ang nilalaman ng Koran ay ang tunay na salita ng Diyos.
10. Maglalakbay patungong Mecca ang mag-ama na sina Ghalib at Azim.
11. Matatagpuan sa Mecca, Saudi Arabia ang Kaaba.
12. Ito ay ang sentro ng Islam kung saan nagtitipon ang mga Muslim upang magdasal.
13. Nakaharap sa direksyon kung saan ang Kaaba si Aiza habang nagdarasal.
14. Obligadong sumunod ang mga Muslim sa Limang Haligi ng Islam.
15. Ang pinagbabatayan ng mga Muslim ng kanilang mga gawain at pamumuhay ay ang Limang Haligi ng Islam.